TAGALOG

Nobyembre 11, 2008

Mahal na mga Magulang at mga Miyembro ng Pamilya,

Alam ko na nababahala kayo tungkol sa mga pangyayari ngayon sa ating pamayanan na kinasasangkutan ng ating mga mag-aaral at ibang mga kabataan. Lahat dito sa mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakikihati sa inyong pagkabahala. Nais kong siguruhin sa inyo na mayroon tayong tuntunin na walang pagpaparaya sa mga karahasan na ginawa kay-o ng- ating mag-aaral. Sumulat ako upang malaman ninyo na gumawa kami ng mga hakbang upang makatulong sa pagsiguro ng kaligtasan ng inyong mag-aaral sa paaralan.

Ang ating mga mag-aaral ay kailangang makibilang sa ating lahat sa gawaing ito upang magkaroon ng ligtas na pamayanan. Kailangan naming ang inyong tulong upang masiguro sa mga mag-aaral na malaman nila kung gaano kahalaga sa kanilang na ipaalam ang isang sitwasyon o potensiyal na pangyayari. Maaring piliin ng mag-aaral na hindi ipaalam ang mga pangyayari o potensiyal na mga insidente sapagka't natatakot sila sa pagganti o matawag na "mang-aagaw'. Kailangan nating bigyan ng kapangyarihan ang ating kabataan na sabihan tayo kung ano ang nangyayaari upang magkasama tayong maka-aksiyon upang maging ligtas anga ating mga anak.

Mayroong maraming paraan upang ang mga mag-aaral, pamilya at miyembro ng pamayanan ay makapagbigay-alam ng mga sitwasyon. Ang mga ulat na ito ay nagpapahintulot sa amin na kumilos kaagad at ilagay ang hakbang ng panghadlang sa lugar. Maari din nating tayahin ang puwedeng banta sa kaligtasan at isali ang ibang autoridad kung wasto.

Kabilang sa mga Opsyon na pagpipilian para ipagbigay-alam:

- Pagtawag sa 911 para sa bilaang pangangailangan o kagyat na tulong, kasama para sa Metro Transit
- Pagtawag sa Departamento ng Kaligtasan at Katiwasayan : (206) 252-0707
- Pagtawag sa Pulisya ng Metro Transit para sa hindi –emerhensiyang pagpadala: (206) 296-3311

Pakiusap kausapin ang inyong mag-aaral tungkol sa pagbibigay-alam ng lahat na marahas na pangyayari o mga tsismis tungkol sa mga sitwasyon na maaring maging marahas. Heto ang mga paraan na puwede silang magbigay-alam na walang makakapagturo sa kanila:

- **Di-kilala Ligtas na Hotline sa mga Paaraln: (206) 252-0510**
- **Di-kilala Crime Stoppers Tip Line: 1-800-222-TIPS (8477) or (206) 343-2020**
- **Di-Kilala Crime Stoppers text message sa Departmento ng Pulisya ng Seattle: 1) Itext sa "TIP486"; 2) Itype ang mensahe; 3) Ipadala ang text sa "CRIMES" or "274637." Kapag matanggap ang text na mensahe, ang nagpadala ay tatangap ng pagpapatibay na numero sa loob ng 10 segundo o mababa pa na nagpapatunay ng pagkatanggap ng impormasyon.**

Ang mga magulang, miyembro ng pamilya at mga iba pa sa pamayanan ay maaring ring gumamit ng mga pagpipiliang pagbibigay-alaman nito.

Habang gumagawa tayo upang masiguro na ang ating mga mag-aaral ay ligtas sa paaralan, ang isyu ay patuloy hanggang sa lampas na pag-aari ng paaralan. Sa katotohanan, ang mga mag-aaral ay nagsabi sa amin na damdam nila ay ligtas sila habang nasa paaralan, pero hindi kapag sila ay umalis na. Marami sa mga bagong problema ay nangyari sa labas ng paaralan. Ang mga pangyayari ay madalas na kinasasangkutan ng mga kabataan na hindi mag-aaral sa paaralan. Kami ay gumagawa ng pakikipag-ayos sa departamento ng Pulisya ng Seattle, departamento ng mga Parke, Metro, mga samahan ng magulang at mga mahalagang kapareha sa pamayanan upang kumilos ng wasto kapag may pangyayari na nakarating sa aming pansin. Pagawa ng magkasama, tayo ay kumikilos ng maka-aktibong paghadalang na hakbang upang ang ating mga kabataan ay ligtas.

Itong taong ito ang aming Departamento sa Kaligtasan at Katiwasyan ay nagmulintatag upang magbigay ng maraming suportang sebisyo sa ating paaralan. Sa karagdagan, kami ay ginantimpalaan ng Departamento ng Edukasyon "Readiness abd Emergency Response for School Safety" kaloob na $500,000. Itong pondong ito ay magbibigay ng karagdagang pagsasanay, kagamitan at suporta sa mga paaralan. At kasabay nito, muli naming binalangkas ang aming Departamento ng Suporta at Pamamagitang Serbisyo upang ibigay ang mga napiling

(Over)

mga programang pamamagitang serbisyo para sa mga mag-aaaral na nangangailangan ng alternatibang suporta sa pag-aaral. Kami rin ay masiglang gumagawa kasama ang Lungsod ng Seattle sa mga panukala para sa paghadalang ng karahasan sa kabataan.

Ang katapus-tapusan ay lahat ng ating mga anak ay marapat na maging ligtas. BIlang inyong superintendente, ako ay ay nakapangako na palagi kayong pasabihan ng mga hakbang na aming ginagawa upang masiguro ang kaligtasan ng inyong anak. Kung kayo ay may partikular na pagkabahala o mga katanungan, makipag-alam po sa punong guro sa paaralan ng inyong mag-aaral. Ang mga bago at maraming impormasyon tungkol sa partikular na pagsisikap ay makikita sa aming Web site sa: http://www.seattleschools.org/area/m_news/index.dxml.

Matapat na Sumasainyo,



Maria L. Goodloe-Johnson, Ph.D.
Superintendent

ATTN: 32-150
Seattle School District #1
P. O. Box 34165
Seattle, WA 98124-1165

Non Profit Organization
U.S. POSTAGE
P A I D
Seattle, WA
Permit No. 3904